Ang Serbisyo sa Panghukumang Tulong para sa Pangkababaihang Pantahanang Karahasan

Ito ay isang libre at kompidensyal na serbisyo ng Brisbane Magistrates Court. Naglalayon itong magdulot ng suporta at tulong sa mga kababaihan at sa kanilang mga anak na apektado ng karahasan sa tahanan/pamilya at mga kaugnay na isyu. Ang serbisyong ito ay tumutulong din sa mga kababaihan upang magamit ang sistema ng hustisya.

Mga detalye sa pagkontak

Women's DV Court Assistance Service
Telepono: 07 3238 3562
Fax: 07 3238 3927

Legal Aid Queensland
44 Herschel Street, Brisbane
GPO Box 2449
Brisbane Qld 4001

Brisbane Magistrates Court
6th Floor, 363 George Street, Brisbane
GPO Box 1649
Brisbane Qld 4001

Para sa dagliang tulong, tawagan ang Legal Aid Queensland sa numerong 1300 65 11 88.

May makukuhang libreng TTY at mga tagapagsaling-wika ng TIS kung kinakailangan.

Ang isang taong mapang-abuso ay nagpapasyang mag-ugali ng mapang-abuso, mapangmanipulado o mapangkontrol.

May karapatan kayong makaramdam ng katiwasayan.

Ang serbisyong ito ay pinopondohan ng Kagawaran ng mga Pamayanan.

Saan kayo makakakuha ng tulong

Sa panahon ng emerhensya at krisis

Pulisiya	000
dvconnect – Numero sa Oras ng Krisis para sa mga Kababaihan (matatawagan ng 24 oras na walang bayad)	1800 811 811
Suportang Serbisyo sa Imigranteng mga kababaihan	
• Serbisyo sa Pantahanang Karahasan	3846 3490
• Serbisyo sa Seksual na Pananakit o Panggagahasa	3846 5400
Lifeline	13 11 14
Linya sa Seksual na Pananakit o Panggagahasa	1800 010 120

Ligal na Tulong

Ligal na Tulong sa Queensland	1300 65 11 88
ATSIWLAS	3392 3177
Pangkababaihang Serbisyong Ligal	3392 0670
Mga Pagtatanong sa Pampamilyang Hukuman	3248 2200
Samahan para sa Mga Karapatang Pangkawanggawa	3847 5532

Mahistradong Hukuman sa Brisbane

Mga Pangkalahatang pagtatanong	3247 5598
Kawani tungkol sa karahasan sa tahanan	3247 4612

Mga Pag-uusig ng Polisiya

Brisbane	3234 2222
Holland Park	3847 8733

Tulong sa pagpapayo

Pagtataguyod na Serbisyo sa Pantahanang Karahasan sa Brisbane	3217 2544
Centacare	3252 4371
Samahang Pangkawanggawa ng mga Bakla at Tomboy	3252 2997
Kinections	3435 4300
Relationships Australia	3831 2005

Mga serbisyo ng tagasaling-wika

Mga Serbisyong Pang-Bingi ng Queensland	3892 8500 o TTY 3892 8501
Serbisyo sa Pagsasaling-wika at Pagsasaling-bigkas	131 450

1300 65 11 88

"to enhance access to justice in Queensland"

www.legalaid.qld.gov.au

Tagalog

Tulong sa korte... para sa mga kababaihan

Kung ikaw ay papunta sa korte upang maprotektahan ang inyong sarili o ang inyong mga anak laban sa karahasan sa tahanan, hindi na ninyo kailangang gawin ito ng mag-isa.

Makakatulong ang Women's Domestic Violence Court Assistance Service.

Legal Aid QUEENSLAND

Paano ako matutulungan ng serbisyo?

Ang Women's Domestic Violence Court Assistance Service ay naghahandog ng legal na impormasyon at pagsuporta sa mga kababaihang humaharap sa mga isyu ng karahasan sa tahanan.

Maaari kayong tulungan ng court assistance worker (kawaning katulong ng hukuman) sa pamamagitan ng:

- pagdudulot ng libreng pagpapayo sa panahon ng krisis upang matulungan kayong magdesisyon at makapili ng tamang gawin
- pagpapaliwanag kung paano kayo mag -aplay para sa isang kautusang proteksyon laban sa karahasan sa tahanan at sa pamamaraan ng korte
- pagtulong sa inyo na makapag-aplay ng kautusang proteksyon laban sa karahasan sa tahanan
- pagtulong sa inyo na palitan o ikansela ang isang kautusang proteksyon laban sa karahasan sa tahanan
- matutulungan kayong makapagrehistro ng isang kautusang proteksyon sa ibang estado
- masusuportahan kayo sa korte bago, habang at matapos na madinig ang inyong kaso, sa lahat ng mga isyu na may kinalaman sa pag-aaplay sa kautusan
- matutulungan kayong magsumbong sa pulisya sa mga paglabag ng mga kasalukuyang kautusan laban sa karahasan sa tahanan
- makakasangguni kayo at ang inyong mga anak sa iba pang mga serbisyo, halimbawa: pagpapayo, mga serbisyo sa pabahay, panunuluyan para sa nagkukubli at mga serbisyo ng Centrelink
- makakasangguni kayo para sa mga payong legal at kinatawan para sa mga legal na isyu sa karahasan sa tahanan at mga kaugnay nito, katulad ng batas sa pamilya, pandarayuhan, pangungupahan, pangangalaga at proteksyon.

Ano ang karahasan sa tahanan?

Ayon sa *Domestic and Family Violence Protection Act 1989* ang karahasan sa tahanan ay ang alinman sa mga sumusunod na pagkilos na nagawa o bantang gagawin ng isang tao laban sa iba:

a) sinasadyang pagdulot ng pinsala sa katawan
b) sinasadyang paninira ng ari-arian ng tao
c) pananakot o panggigipit ng tao
d) malaswang pag-uugali sa tao nang walang pahintulot.

Pinoprotektahan ng batas ang mga taong nakararanas ng karahasan sa tahanan o pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang hukuman ng kautusan ng pagprotekta laban sa karahasan sa tahanan. Ang isang utos ng pagprotekta ay naglalayong pigilan ang pag-uugali ng tao (ang inireklamo) na gumagamit ng karahasan at iniiwasan ang mga maaaring maging akto ng karahasan sa hinaharap laban sa inyo (ang naagrabyado).

Sino ang saklaw ng batas?

Ang mga batas ng karahasan sa tahanan at sa pamilya ay sumasaklaw sa mga tao kung mayroong mga umiiral na relasyon sa tahanan sa pagitan ng dalawang tao:

- relasyong mag-asawa
- isang malapitang personal na relasyon
- isang relasyong pampamilya
- isang di-pormal na relasyon sa pangangalaga.

Ang mga anak, kaibigan, kamag-anak at katrabaho na binantaan, inabuso o ginipit at nangangailangan ng proteksyon ay maaaring maisama sa kautusang pagprotekta laban sa karahasan sa tahanan.

Sino ang maaaring mag-apply?

Ang isang naagrabyado ay maaaring mag-aplay para sa isang kautusang pagprotekta sa kanila mula sa ng lokal na korte ng mahistrado. Maaari ding mag-aplay ang isang opisyal ng pulisya, isang taong binigyang-kapangyarihan ayon sa kasulatan, o ang Adult Guardian (tagapag-alagang nasa hustong gulang) o ang isang Power of Attorney (Kapangyarihan ng Abogado) para sa isang utos ng pagprotekta laban sa karahasan sa tahanan para sa naagrabyado.

Ang karahan sa tahanan ba ay labag sa batas?

Oo. Ang pag-uugali ng inyong kasalukuyan o nakaraang kapareha ay hindi ninyo pananagutan o kasalanan. Walang sinuman ang may-karapatang abusuhin kayo sa damdamin, katawan, pinansyal, sekswal o lipunan.

Kayo at ang inyong mga anak ay may karapatang laging ligtas.

Kung kayo ay nanganganib, tawagan ang pulisya sa numerong 000.

Ano ang aking gagawin upang manatiling ligtas?

- Makipag-ugnayan sa isang serbisyong laban sa karahasan sa tahanan at humingi ng impormasyon.
- Manatiling makipag-ugnayan sa isang serbisyong laban sa karahasan sa tahanan upang malaman ninyo ang inyong mga maaaring gagawin at may makakausap kayo.
- Pag-isipan ninyong mag-aplay para sa isang utos ng pagprotekta laban sa karahasan sa tahanan.
- Subukang makipag-usap at makahanap ng suporta mula sa mga kaibigan, kapamilya, social worker at doktor.
- Kung pupunta kayo sa doktor, hilinging iulat nila ang mga kadahilanan ng inyong pagbisita.
- Alamin ninyo kung sino ang maaaring kausapin sa lokal na mga pangkat ng mga kababaihan, ng hustisya ng komunidad o ng mga matatanda.
- Pag-usapan ninyo sa mga anak kung ano ang gagawin kapag nasa isang mapanganib na sitwasyon.

Iniisip kong iwanan ang aking kapareha. Anu-ano ang mga hakbang na dapat kong gawin?

- Kumuha ng payo ng isang abogado. Kung iiwanan ninyo ang isang marahas na kapareha, hindi ibig sabihin nito na hindi na ninyo makakasama ang inyong mga anak o mawawalan kayo ng mga karapatan sa mga ari-ariang napunda sa panahon ng relasyon.
- Gumawa ng isang listahan ng mga numerong matawagan sa panahon ng emerhensya.
- Maghanda ng isang supot na may mga damit, gamot, mahahalagang dokumento, susi ng bahay/kotse at salapi. Itago ang supot sa isang ligtas na lugar na hindi ito agad matatagpuan ng ibang tao.
- Ipagbigay-alam sa guro/prinsipal ng inyong mga anak kung sino ang awtorisadong sumundo sa kanila sa paaralan.
- Magbukas ng sarili ninyong bank account.
- Patatagin ang damdamin ng inyong mga anak sa pamamagitan ng pagsabi sa kanila kung ano ang nangyayari, bagaman hindi na ninyo kailangang talakayin ang detalye sa kanila.
- Ipagbigay-alam sa isang taong pinagtitiwalaan ninyo na nagpaplano kayong umalis at kung saan ninyo balak magpunta.
- Alamin kung paano kayo makakapag-aplay sa isang panuluyan para sa mga kumukubli/kababaihan.

Paano ko malalaman kung ito ay isang karahasan sa tahanan?

Ito ay karahasan sa tahanan kung ang inyong kasalukuyan o nakaraang kapareha...

- ay nagseselos o mapag-angkin at ang pakiramdam ninyo ay nakakulong sa relasyon
- binabawi niya ang pagmamahal, pera, pagkakasundo, o pakikipagtalik upang kayo ay parusahan
- sinasampal, itinatali o ginagamitan kayo ng armas o binabato kayo
- nagbabanta siyang maglabas ng impormasyon ukol sa inyo na maaaring makasakit
- tinatakot kayo sa pamamagitan ng pagbabasag ng mga bagay o paninira ng inyong mga ari-arian
- binabawalan kang makikipag-ugnayan sa mga bata
- tinatanggihan ang inyong kontribusyon o karapatan sa mga pinaghahatiang pag-aari
- binabantaan o kinukuha ang inyong pera
- pinipilit kayong baguhin ang isang testamento o iba pang dokumentong legal, o upang mabigyan ng isang tao ng inyong kapangyarihan ng abogado o pangmatagalang kapangyarihan ng abogado
- pinipilit kayong makipagtalik sa kaniya o sa ibang tao
- binabantaang "ibulgar" kayong isang tomboy, halimbawa sa trabaho o sa mga usapan sa batas pampamilya, o kinukutya o minamaliit ang inyong pagkakakilanlan bilang isang baysekswal
- sinusubukan kayong pigilang maisakatuparan ang inyong mga pananampalatayang espiritwal/pang-relihiyon
- nagbabantang paaalisin kayo at ang inyong mga anak sa bansa
- kinukutya ang inyong mga kakayahan sa wika o mga gawi sa kultura
- kinukutya kayo sa anumang taglay ninyong kapansanan, karamdaman o kahinaan
- binabantaan kayo sa pamamagitan ng - "Gawin mo ang sinasabi ko at kung hindi ay ilalagay kita sa isang nursing home"
- hindi kayo binibigyan ng tamang dami ng gamot, halimbawa, ay maaaring masobrahan kayo ng pampakalma sa kalagitnaan ng araw
- hindi kayo binibigyan ng mga kinakailangang tulong tulad ng mga hearing aid, salamin sa mata, andador o pustiso.

Subukan ninyong makakuha ng legal na pagpapayo sa lalong madaling panahon kung sa tingin ninyo ay isa kayong biktima ng karahasan sa tahanan o pamilya.